Ano ang Programa ng Pamumuno sa Kapitbahayan?

Ang Programa ng Pamumuno sa Kapitbahayan ay ibinibigay ng Kawanihan ng mga Serbisyo sa Pabahay at Kapitbahayan ng Lungsod ng Long Beach. Ang limang buwang programang ito na may salin sa iba't ibang wika ay tumutulong sa mga ordinaryong residente at nagbibigay sa kanila ng mga kakahayan, kaalaman, at resource na kinakailangan nila upang gumawa ng pagbabago sa kalidad ng buhay ng ating komunidad.

Ang programang ito ay libre sa mga kalahok at bahagyang pinondohan sa pamamagitan ng Pederal na Programa ng Community Development Block Grant (CDBG).

Tommie Simmons,
Mula sa Klase ng 2012

"Ang NLP ay naging napakahalaga sa pagtuturo sa akin ng mga kakayahan sa komunikasyon at kung paano makipag-ugnayan sa iba upang matapos ang isang gawain."

Tutulungan Ka ng Programang Ito Na:

- Pahusayin ang iyong mga kakayahan sa komunikasyon.
- Kilalanin ang mga benepisyo ng pagkakaiba-iba.
- Gumawa ng mga makabagong solusyon upang pahusayin ang iyong kapitbahayan.
- Kilalanin ang mga resource at partnership.
- Mag-apply para sa mga grant.
- Planuhin at kumpletuhin ang isang proyekto ng komunidad.
- Magkaroon ng kumpiyansa bilang isang pampublikong tagapagsalita.

Crystal Day, Mula sa Klase ng 2018

"Binigyan ako ng Programa ng Pamumuno sa Kapitbahayan ng matibay na set ng mga kakahayan, mula sa pagsusulat ng grant hanggang sa pagbuo ng mga partnership sa komunidad. Binigyan din ako ng programa ng sumusuportang network ng mga indibidwal na kasamang magdiwang, maaasahan, at para suportahan. Ang mga personal na kakayahan sa pamumunong natutunan ko sa Programa ng Pamumuno sa Kapitbahayan ay nagbigay sa akin ng inspirasyon para hikayatin ang ibang taong maging aktibong pinuno ng komunidad."

Ano ang Pagbibigay ng Oras?

Ang pagbibigay ng oras para sa Programa ng Pamumuno sa Kapitbahayan ay masinsinan. Ang mga sesyon ng pagsasanay ay ginaganap dalawang beses sa isang buwan sa loob ng limang buwan at kabilang ang isang retreat sa weekend at isa pang kumpletong sesyon nang Sabado. Ang mga kalahok ay inaasahang dumalo sa LAHAT ng sesyon. Tingnan ang aplikasyon para sa mga tiyak na petsa at oras.

Ang mga kalahok ay inaasahan ding magkita sa labas ng oras ng regular na klase para sa mga proyektong isasagawa sa isang partikular na kapitbahayan sa Long Beach.

Emily Kiwa Tanaka,
Mula sa Klase ng 2011

"Tinulungan ako ng NLP na magkaroon ng mga makabuluhang pakikipagkaibigan sa mga taong katulad kong mag-isip na nage-enjoy sa pagboboluntaryo sa mga proyektong gustung-gusto namin. Tinulungan ako nitong magkaroon ng kumpiyansa upang patuloy na sumulong dahil handa ako at may mga kagamitan upang gawing katotohanan ang isang 'matayog na pangarap.'"